

## **INANG SAKDAL LINIS**

Inang sakdal linis Kami ay ihingi  
Sa Diyos Ama namin; Awang minimithi.

**Ave, Ave, Ave Maria (2X)**

Bayang tinubua'y ipinagdarasal  
At kapayapaan Nitong sanlibutan.

**Ave, Ave, Ave Maria (2X)**

## **IMMACULATE MOTHER**

Immaculate mother,  
to you do we plead  
to ask God, our Father  
for help in our need

**Ave, Ave, Ave Maria (2X)**

We pray for our country  
the land of our birth  
we pray for all nations  
that peace be on earth

**Ave, Ave, Ave Maria (2X)**

## **HAIL MARY FULL OF GRACE**

Hail Mary, full of grace.  
Our Lord is with you.  
Blessed are you among women,  
and blessed is the fruit of your womb,  
Jesus.  
Holy Mary, Mother of God,  
pray for us sinners,  
Now and at the hour of our death.  
Amen.

## **BIRHENG MARIA, TALA SA UMAGA**

Birheng Maria, Tala sa Umaga  
Noon pa man ay itinangi Ka  
Ang 'Yong liwanag ang takdang lulupig  
Kay Satanas, tao'y ililigtas

Iyong tunghan kaming nananambitan  
At ang lupang Iyong tinapakan  
Tulong Mo'y ilawit sa 'min Maria  
Ngayon at sa aming kamatayan.

Ang kalinisan Mo'y iginagalang  
Naming mahina't makasalanan  
Awa ng Diyos ang aming kahilingan  
Birheng Maria, kami'y tulungan.

## **BIRHENG MAHAL**

Birheng mahal, Birheng mahal,  
Ang nasa ko'y ano?  
Di nais ang kayamanan  
At tuwang napaparam;  
O, Birheng mahal, Birheng mahal  
Ang samo ko'y ito:  
Si Hesus na kalong mo sa bisig  
ligaya ng buhay ko.

Birheng mahal, Birheng mahal,  
Dagat itong buhay.  
Ang 'yong Anak ay itanglaw  
at nang di maligaw;  
At, Birheng mahal, Birheng mahal,  
Ang nais ko'y ito:  
Sa hantungan nitong paglalakbay  
si Jesus ay makamantan.

